



# TUNGKOL SA COSTI

Tumutulong sa pangangailangan ng komunidad sa mahigit na 60 taon, ang COSTI na Naglilingkod sa Dayuhan ay pangkomunidad na ahensiya ng iba't ibang lahi na nagbibigay tulong sa trabaho, edukasyon, paninirahan and panlipunang serbisyo sa lahat ng dayuhan sa komunidad, mga bagong Canadian at taong kailangan ng tulong.

Pnagsisisikapan ng COSTI na manguna sa paglilingkod ng komunidad sa pamamagitan pagtuon sa kliyente, masugid at makabagong paraan ng pagpapalano, pagpapasulong at pagpapahayag ng serbisyo. Ang mga palatuntunan ay tinitiyak na kahit na anong wika at kulturang balakid, ang mga taong dumadating sa Canada ay maaaring gamitin ang kanilang kadalubhasaan, matuto ng mga bago at makilahok ng aktibo sa lahat ng aspekto ng buhay Canadian.

Pinangangasiwaan mula sa 17 na lugar sa Toronto, York Region at Peel, ang COSTI ay nagbibigay ng serbisyo sa mahigit na 60 wika. Noong nakalipas na taon, mahigit sa 39,000 mga tao ang nakatanggap ng tulong.

Mga paglilingkod at palatuntunan ay kabilang ang:

- Di-pangkaraniwang trabahong serbisyo para sa taong nagsanay sa ibang bansa, kasama ang kaalaman at pagsasangguni ng karapat-dapat na serbisyo, trabahong tasasyon at pagpapayo, pagpuwesto sa trabaho, pagsanay sa paghahanap ng trabaho at trabahong serbisyo sa kabataan.
- Palatuntunan ng wikang Ingles (ESL at LINC) at pagsasanay ng kadalubhasaan.
- Paninirahang serbisyo kabilang ang pag-aangkop, kaalaman, pagpapayo at pagpapaliwanag ng kultura para sa mga bagong dating na dayuhan.
- Alalay pagkatapos manirahan ng mga dayuhan na nangangailangan ng patuloy na serbisyo sa panlipunan at gobyerno.
- Pagpapabahay at paninirahang serbisyo na pondo ng gobyerno sa taong takas sa ibang bansa kung may malubhang ligalig sa sariling bansa.
- Pagpapayo sa pamilya at pangkaisipang kalusugan na serbisyo.
- Alalay na pagpapabahay para sa pamilya na nahaharap sa pagpapalayas, o mga palugit na pagpapabahay.
- Pagbabagong-buhay na serbisyo sa manggagawa na may pangkaisipan at pangkatawang hamon.
- Tulungan ang dayuhang kababaihan na malampasan ang mga paghihirap sa kanilang buhay at magkaroon ng daan sa pagkakataon.

Serbisyong nakatuon sa mga pangangailangan ng matatanda upang tulungan sila patungo sa malugod at marangal na buhay.

Pagsasaling-wika at pagpapaliwanag na serbisyo.

Ang COSTI ay pinagsisikapan na matiyak na ang bawat tao mula sa iba't ibang dako ng mundo ay mabigyan ng patas na pagkakataon sa aming serbisyo. Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa paninirahang serbisyo ipinahahayag sa iyong wika, pinakiki-usapang tingnan ang palatuntunan at paglilingkod na bahagi ng aming website.

## **PAKAY**

Ang COSTI ay nagbibigay ng edukasyon, panlipunan at trabahong serbisyo upang tumulong sa lahat ng dayuhan sa Toronto na may sariling kakayahan sa lipunang Canadian.

Ang COSTI, itinatag ng Italianong komunidad upang maabot ang kakulangan na serbisyo para sa dayuhan noong panahong matapos ang gera, na ngayon ay iba't ibang kulturang ahensiya na naglilingkod sa lahat ng dayuhan sa komunidad na may pagkukulang sa naitatag na serbisyo.